


10

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 3

Politikal at Pansibikong Pakikilahok



**Araling Panlipunan – Ikasampung Baitang
Alternative Delivery Mode
Ikaapat na Markahan – Modyul 3: Politikal at Pansibikong Pakikilahok
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	April Joy P. Eduarte
Editor:	Edgar L. Pescador, Monabelle S. Ablog
Tagasuri:	Gina A. Amoyen, Editha T. Giron
Tagaguhit:	Ariel P. Peralta
Tagalapat:	Vivian T. Del Castillo, Meynard Jerel T. Luczon Cherry Ann R. Varon
Tagapamahala:	Tolentino G. Aquino, Editha T. Giron, Arlene A. Niro, Edgar L. Pescador, Gina A. Amoyen, Elsie C. Amarin, Monabelle S. Ablog

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region I

Office Address: Flores St., Catbangan, City of San Fernando, La Union

Telefax: (072) 682-2324; (072) 607-8137

E-mail Address: region1@deped.gov.ph

10

Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 3

Politikal at Pansibikong

Pakikilahok

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Aralin

1

Politikal at Pansibikong Pakikilahok



Naranasan mo na ba ang makilahok sa mga gawaing pampolitika at pansibiko sa ating bansa? Ano-ano ang gawaing pampolitika at pansibikong nalahukan mo na?

Ang modyul na ito ay tungkol sa iba't ibang pakikilahok na pampolitikal at pansibiko na maaaring gawin ng bawat mamamayang Pilipino. Napakahalaga na malaman mo bilang isang mamamayan ang mga ito dahil ikaw ay may tungkulin na makialam sa mga gawain na mayroong malaking epekto sa lipunang iyong kinabibilangan.



Alamin

Pinakamahalagang Layuning Pampagkatuto (MELC3):


Natatalakay ang mga epekto ng pakikilahok ng mamamayan sa mga gawaing pansibiko sa kabuhayan, politika, at lipunan.

Upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral, kailangan mong sundin ang sumusunod:

1. *Unahing Gawin ang Balikan.*
2. *Sagutan lahat ng Pagsasanay.*
3. *Sagutan ang Tayahin.*
4. *Gawin lahat ng Gawain.*



Handa ka na ba sa ating tatahaking aralin? Halina't sabay nating alamin kung ano ang iba't ibang gawaing pampolitika at pansibiko na maaari mong pakilahukan at kung ano ang mga epekto nito.



Subukin

Panuto: Isulat ang **TAMA** kung ang pahayag ay may katotohanan, **MALI** naman kung ang pahayag ay walang katotohanan sa patlang. Gumamit ng sariling sagutang papel.


- _____ 1. Ang Pilipinas ay bansang demokratiko kung saan ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga maimpluwensiyang tao lamang.
- _____ 2. Ang eleksyon ay isang proseso ng pagpili ng mga mamamayan ng mga opisyal na sa tingin nila ay may kakayahan na mamuno at mapagkakatiwalaan.
- _____ 3. Maaring bomoto ang mga taong idineklarang wala sa sariling katinuan ng mga eksperto.
- _____ 4. Ang *initiative* ay isang proseso kung saan ang iniluklok na isang opisyal ay maaaring matanggal sa puwesto bago pa man matapos ang kanyang termino.
- _____ 5. Tungkulin ng media na magbantay sa mga katiwalian sa pamahalaan, at nagsusulong sila ng pagpapahusay ng pananagutan at *transparency* sa pagpapatakbo ng pamahalaan.
- _____ 6. Ang mga *non-governmental organizations* (NGO) ay grupo ng mga mamamayan na kung saan ang layunin nila ay makatulong sa mga tao kaysa sa komite.
- _____ 7. Ang mga partido politikal ay mga samahang pampolitika na nabuo upang makontrol ang kapangyarihan sa pamahalaan.
- _____ 8. Ang iba't ibang sektor sa lipunan ay walang pagkakataong magkaroon ng representasyon sa Kongreso.
- _____ 9. Ang karapatang bumoto ay isang karapatang ginagarantiya ng Saligang Batas ng 1987 na ipinagkakaloob sa mga mamamayang Pilipino lamang.
- _____ 10. Nakasaad sa ating Saligang Batas na ang mga mamamayan ay may karapatan na ipahayag ang kanilang mga saloobin at damdamin sa pamamagitan ng malayang pagpapahayag o pagsasalita.

- _____ 11. Ang pakikilahok na pansibiko ay tumutukoy sa mga kolektibong gawain tungo sa paglutas ng mga isyung pampubliko.
- _____ 12. Hindi mahalaga para sa isang kabataan na magmasid at makialam sa mga pangyayaring nagaganap sa komunidad dahil wala pa silang sapat na kakayahan.
- _____ 13. Nagkakaroon ng mabuting ugnayan at pagkakaisa ang mga tao sa pamamagitan ng gawaing pansibiko.
- _____ 14. Nakakamit ang civic welfare o kagalingang pansibiko dahil naipamamalas ng mga mamamayan ang pagmamalasakit sa kanilang kapwa sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawaing pansibiko.
- _____ 15. Sa pamamagitan ng mga politikal at pansibikong gawain nagiging instrumento ng pagbabago ang mga mamamayan.



Balikan

Sa nakaraang modyul ating napag-aralan ang Karapatang Pantao. Ito ay mga karapatan ng tao sa sandaling siya ay isilang. Ang mga karapatang pantao ay nahahati sa dalawang uri, ang indibidiwal at pangkatan.



Tandaan:

1. Mahalaga ang Karapatang Pantao dahil sa pamamagitan nito, natatamasa natin ang mga pangangailangan natin upang tayo ay mabuhay nang marangal at may dignidad.
2. Ang Karapatang Pantao ay may iba't ibang katangian, ito ay: unibersal, likas, hindi maalis, magkakaugnay at hindi lumilipas.
3. Upang maiwasan ang mga paglabag sa Karapatang Pantao kinakailangan ang edukasyon at ang pagsasabuhay ng mga karapatang ito.



Tuklasin

A. Panuto: Bilang panimulang gawain sagutan ang KWL tsart sa ibaba. Itala ang mga bagay na nalalaman mo tungkol sa mga politikal at pansibikong gawain gayun din ang mga bagay na gusto mo pang malaman tungkol dito. Pagkatapos mapag-aralan ang modyul na ito, balikan ang ikatlong kolum ng tsart at ilagay ang mga natutuhan mo sa araling ito. Isulat ito sa iyong sariling sagutang papel.

POLITIKAL AT PANSIBIKONG GAWAIN		
KNOW (Alam Ko)	WANT (Nais kong Malaman)	LEARNED (Natutuhan ko)

B. Panuto: Ano ang pagkakaintindi mo sa sumusunod na pahayag? Ipaliwanag ang mga ito batay sa iyong pagkakaintindi. Ilahad ang sagot sa sariling sagutang papel.

“Change will not take place without political participation.”

-Sen. Bernie Sanders

“Devote yourself to your community around you, and devote yourself to creating something that gives you purpose and meaning.”

-Mitch Albom

“Politics needs young people more than ever, and young people care passionately about the decisions made about their future.”

-Johanna Nyman

President, European Youth Forum



Suriin

Sa araling ito inaasahan na matutukoy mo ang iba't ibang gawaing pampolitikal at pansibiko na maaring pakilahukan ng mga mamamayan. Ituturo rito ang kahalagahan ng pakikilahok sa mga gawaing ito na may malaking epekto upang matamasa ang inaasam na pagbabago sa ating lipunan.

Pakikilahok na Pampolitika

Ang Pilipinas ay isang bansang demokratiko na nangangahulugan na ang kapangyarihan ay nasa kamay ng mga tao. Bilang mga mamamayan ng bansang Pilipinas ay may karapatan tayong makialam sa iba't ibang kaganapan at makilahok sa mga gawain na may napakalaking epekto sa ating lipunan.

Ang salitang politika ay galing sa salitang Griyego na "*polis*" na nangangahulugang mga gawain sa isang lungsod estado, habang ang pakikilahok ay galing naman sa salitang Latin na "*participatio*" na ang ibig sabihin ay makisali, o makibahagi. Samakatuwid, ang Politikal na Pakikilahok ay tumutukoy sa mga gawain ng mga tao na may kinalaman sa pamamahala ng mga lungsod estado, at sa kasalukuyan ay ang pakikibahagi sa pamamalakad ng ating bansa.

Sa isang bansang demokratiko, may dalawang uri ng pakikilahok na maari nating pakisamahan. Una ay ang tinatawag nilang *tuwiran* na kung saan ang pakikilahok ng mga mamamayan ay direktang naipararating ang kanilang mga ninanais sa mga taong kinauukulan. Ang halimbawa ng tuwirang pakikilahok ay ang pagpunta sa mga asembleya. Ang mga mamamayan ay nakikibahagi sa pagbuo ng desisyon na walang nakikialam sa kanila. Ang pangalawang uri naman nito ay ang *di-tuwiran* kung saan ang mga kagustuhan ng mga mamamayan ay ipararating sa mga kinatawan na pinili ng tao sa pamamagitan ng pagboto.

Mga Paraan ng Pakikilahok

Bilang mga mamamayan ng ating bansa, narito ang mga gawain na maari nating pakilahukan:

Seksyon 4. “Hindi dapat magpatibay ng batas na nagbabawas sa kalayaan sa pamamahayag gaya ng pananalita o pasulat na paraan, o sa karapatan ng mga taumbayan na mapayapang magkatipon at magpetisyon sa pamahalaan upang ilahad ang kanilang mga karaingan.”

1. Malayang Pamamahayag at Mapayapang Pagtitipon

Ang karapatan sa pamamahayag ay nakapaloob sa ating Saligang Batas ng 1987 sa Artikulo III ng Katipunan ng mga Karapatan. Ang karapatang ito ay hindi lamang para sa mga mamamahayag pero ito ay isang karapatan na tinatamasa ng lahat ng mga mamamayan. Nakasaad sa ating Saligang Batas na ang mga mamamayan ay may karapatan na ipahayag ang kanilang mga saloobin at damdamin sa pamamagitan nang malayang pagpapahayag o pagsasalita. Karapatan din ng mga mamamayan na ipahayag ang kanilang mga kuro-kuro ng walang nanghihimasok.

Napakahalaga rin ang tungkulin ng media sa pampublikong pamamahala, narito ang ilan sa mga ito:

- a. **Magpaalam** - tungkulin ng media na ipahayag sa madla ang mga nararamdaman, nakikita, at naiisip ng mga tao. Bilang mga mamamahayag, tungkulin nila ang maghatid ng katotohanan sa publiko. Sa pagpapahayag ng balita ay kinakailangang balanse, hindi dapat magkaroon ng bias o ang pagpabor sa isang panig lamang. Kinakailangan ng media na ipaalam sa mga mamamayan ang mga kaganapan at magsilbi bilang tagabantay ng mga gawain ng pamahalaan nang sa gayon ay maiwasan ang mga pang-aabuso, mapahusay ang pananagutan at magkaroon ng *transparency* sa mga usaping pampinansyal.
- b. **Impluwensiya** - tungkulin ng media na magbigay nang sapat na impormasyon sa mga mamamayan upang sila ay makabuo ng sariling opinyon tungkol sa iba't ibang isyu na kinahaharap ng ating lipunan. Tungkulin din ng media na maging daan upang ipahayag ng mga tao ang kanilang saloobin, lalo na ang mga mahihirap.

Isa rin sa paraan ng politikal na pakikilahok ng mga mamamayang Pilipino ang pagsali sa mga mapayapang pagtitipon. Bilang mga mamamayan ng isang demokratikong bansa karapatan nating magsagawa ng asembleya kung saan naipararating natin sa pamahalaan ang ating mga hinaing.

Pagboto

Bilang mga mamamayan ng ating bansa, tungkulin natin na makibahagi sa pamamahala maging ito man ay tuwiran o sa pamamagitan ng pagpili ng ating kinatawan. Dahil umiiral ang demokrasya sa ating bansa laging nangingibabaw ang kagustuhan ng mga nakararami lalong lalo na sa pagpili kung sino ang mga mamumuno. Nakapaloob sa Saligang Batas ng 1987 ang karapatan sa paghalal at maihalal sa isang posisyon. Ang karapatan sa pagboto ay nangangahulugan nang pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamalakad ng ating bansa.

Iba't ibang uri ng pagboto:

- a. Eleksyon** - ay isang pormal na proseso ng pagpili ng mga mamamayan ng mga opisyal na sa tingin nila ay may kakayahan na mamuno at mapagkakatiwalaan nila.
- b. Plebesito** - ay paraan ng pagboto ng mga mamamayan sa bansa o isang distrito ng kanilang pangsang-ayon o pagtutol sa isang panukala, halimbawa ay ang pagbabago o pagrerebisa ng Saligang Batas.
- c. Recall** - ay paraan ng pagboto kung saan ang isang nanalong kandidato sa isang eleksyon ay matatanggal sa kanyang puwesto bago pa man matapos ang kanyang termino. Nagkakaroon lamang ng recall kung may petisyon mula sa mga kuwalipikadong botante.
- d. Initiative** - ay proseso na kung saan ang mga mamamayan ay nabibigyan ng pagkakataon upang magmungkahi ng batas.
- e. Referendum** - ay pagboto ng tao laban o pabor sa isang panlipunang isyu.

Sino-sino ang maaaring bumoto?

Batay sa Artikulo V ng Saligang Batas, ang mga maaring bumoto ay:

1. mamamayan ng Pilipinas;
2. may edad na labingwalong taong gulang sa araw ng eleksyon;
3. residente ng Pilipinas sa loob ng isang taon; at
4. residente sa lugar ng pinili niyang bumoto sa loob ng anim na buwan sa petsang itinakda sa pagdaraos ng eleksyon.

Dahil ang pagboto ay isang karapatan at isang pribilehiyo, mayroon ding mga indibidwal na hindi maaring bumoto kahit nasa kanya pa ang mga kuwalipikasyon.

Sino-sino naman ang hindi maaaring bumoto?

1. Mga taong napatawan ng pinal na sentensiya na may kaakibat na pagkakakulong ng hindi bababa sa isang taon at hindi napagkalooban ng "pardon" o napabilang sa programang amnestiya ng Pangulo na magpapabalewala sa desisyon ng Korte.
2. Kung siya ay napatawan ng pinal na kaparusahan ng isang Korte o Tribunal sa pagsasagawa ng anomang krimen na may kaugnayan sa pagtataksil sa pamahalaan tulad ng rebelyon, sedisyon, paglabag sa *anti-*

subversion at *fire-arms law* o anomang krimeng may kinalaman sa pagbabanta sa seguridad ng bansa.

3. Kung napatunayan na siya ay wala sa katinuan ng pag-iisip sa pamamagitan ng mga pamamaraang isinagawa ng mga eksperto sa kaugnay na larangan.

2. Pagsali at pagsuporta sa mga Organisasyong Pampolitika

A. Partido Politik

Ang Partido Politik ay mga samahang pampolitik na nagnanais na mapanatili ang kanilang kapangyarihan sa pamahalaan. Sila ay may mahalagang ginagampanan at tungkulin sa pamahalaan. Layunin nito na pagsamahin at pag-isahin ang mga tao nang sa gayon ay makamit nila ang kapangyarihan sa pamamahala. Ang mga partido politik ay nabubuo dahil sa nagkakaisa nilang mga ideolohiya o mga plataporma sa pamahalaan. Ang isang partidong politik ay kinakailangan munang irehistro sa Commission on Election (COMELEC) nang sa gayon ay mabigyan ng juridical na pagkilala. Para mapanatili ang katayuan bilang isang rehistradong partido politik kinakailangan na makakuha sila ng sampung porsiyento ng boto kung saan hinirang at sinusupportahan ang isang kandidato o mga kandidato sa isang halalan.

Katangian ng Partido Politik

1. Naitatag ang mga partido politik upang kontrolin ang kapangyarihan sa pamahalaan.
2. Nabubuo dahil sa magkakatulad na ideyolohiya ng mga kasapi nito.
3. May pormal na estruktura at may mga kasaping sumusuporta rito.
4. Pag malapit na ang halalaan, dumarami ang mga kasamahan nito at kakaunti na lamang pagkatapos.

Mga dahilan kung bakit naitatag ang mga Partido Politik:

1. Pagsama-samahin ang mga taong may magkakatulad na pananaw o ideolohiya tungkol sa pamamalakad ng pamahalaan. Ang mga kasapi nito ay nakilalahok at iniimpluwensiyahan ang pamahalaan sa pamamagitan ng paglahok sa halalan;
2. Sa pamamagitan ng mga partidong politik mas napadadali ang pagpili ng mga mamamayan sa mga mamumuno sa kanila dahil sa pagbibigay nila ng impormasyon at kanilang mga pananaw tungkol sa iba't ibang mga isyu tungkol sa lipunan;
3. Upang hikayatin ang mga mamamayang botante na lumahok sa proseso ng halalan;

4. Hikayatin ang mga lider para kumandidato sa mga susunod na halalan; at
5. Sanayin ang mga baguhan na lider sa larangan ng politika.

Narito ang ilan sa mga Partido Politikol:

1. Nacionalista Party (NP)
2. Partido Liberal (LP)
3. National Unity Party
4. United National Alliance (UNA)
5. Lakas-Christian Muslim Democrats
6. Puwersa ng Masang Pilipino
7. Nationalist People's Coalition
8. Laban ng Demokratikong Pilipino

Pinagkunan: <https://www.esquiremag.ph/politics/news/political-parties-in-the-philippines-a00287-20190127-lfrm>

B. Pansektor na mga Kinatawan o Party List

Sa ating bansa may iba't ibang sektor na hindi gaanong binibigyan ng pansin o ang mga *marginalized sector* kaya kinakailangan nila ng kakatawan sa kanila sa Kongreso nang sa gayon ang mga hinaing nila ay madinig at mabigyan ng aksiyon, kilala ito sa tawag na mga pansektor na kinatawan o ang *party list*. Ang mga party list ay kinabibilangan ng mga manggagawa, magsasaka, mga maralitang taga-lungsod, mga katutubo, mga kababaihan, mga kabataan, at iba pang sektor. Iba't iba ang layuning itinataguyod ng mga organisasyon na ito. Layunin ng mga party list na makagawa ng mga batas na tutugon sa mga pangangailangan nila o para sa kanilang kabutihan.

Paano nga ba magkakaroon ng puwesto ang mga party list sa kongreso?

Noong taong 1995 naipasa ang RA 7941 o ang Party List System kung saan pinahihintulutan na makilahok ang mga organisadong grupo sa pambansang politika. Hindi tulad ng mga partidong politikal, ang mga party list ay kalimitang binubuo ng mga ordinaryong mamamayan. Para magkaroon ng puwesto sa Kongreso, kinakailangan na makamit nila ang kinakailangan na porsiyento ng boto ng mamamayan. Sa party list system nakabatay ang bilang ng uupuan nila sa dami ng kabuoang boto na makukuha nila. Dito sa ating bansa may dalawampung porsiyento ng mauupuan sa Mababang Kapulungan ng Kongreso ang nakalaan para sa party list.

Narito ang ilan sa mga Party List:

1. Bayan Muna
2. Citizens' Battle Against Corruption

3. Ako Bicol
4. Ang Probinsyano
5. Akbayan
6. Gabriela
7. ACT Teachers
8. Kabataan
9. 1PACMAN
10. ACT-CIS

3. Paglahok sa Civil Society

Bukod sa eleksyon na maaring pakilahukan ng mga mamamayan, napakahalaga rin na makibahagi ang mga mamamayan sa civil society. Ito ay isang patunay na ang mga mamamayan ay malaya at may karapatan na makilahok sa iba't ibang samahan na maaring magpaunlad sa kanyang lipunang kinabibilangan. Ang mga civil society groups ay mga samahan kung saan naipararating ng mga mamamayan ang kanilang mga pangangailangan sa pamahalaan. Ang *civil society* ay itinuturing bilang “ikatlong sektor” ng lipunan na iba sa pamahalaan at negosyo. Ang mga civil society ay kinabibilangan ng sumusunod:

- a. Mga grupo ng non-governmental organizations at mga institusyon na nagsusulong ng interes ng mga mamamayan;
- b. Mga organisasyon at indibidwal na hindi konektado sa pamahalaan; at
- c. Mga non-profit organization.

Samakatuwid ang civil society ay sektor ng lipunan na hiwalay sa estado. Ninanais ng civil society na magkaroon ng pagbabago sa lipunan sa pamamagitan ng pagbabago sa mga polisiya at paigtingin sa *accountability* at *transparency* sa pamahalaan.

Ilan sa mga halimbawa ng mga civil society ay ang mga non-governmental organizations at people's organizations. Mahalaga ang pagsali sa mga samahan dahil nakatutulong ito sa pamahalaan sa pagbuo at paggawa ng iba't ibang programa na makapagpapaunlad sa ating bayan. Nagsisilbing gabay ang mga civil society sa pamahalaan kung papaano nila mapapamahalaan nang mas mabuti ang kanilang mga nasasakupan.

a. **Non-Governmental Organization (NGO)**

Ang mga *non-governmental organizations* ay grupo ng mga mamamayan na kung saan ang layunin nila ay makatulong sa mga tao. Sila ay nagbibigay ng libreng serbisyo at tulong sa mga tao upang maiparating sa pamahalaan ang mga hinaing nila. Ang mga NGO ay nagsisilbing tulay ng mga mamamayan sa pamahalaan upang malaman ng pamahalaan kung ano ang mga ninanais at mga suliraning kinahaharap ng mga tao. Ang mga NGO ay maaring magtataguyod ng mga programa na may kinalaman sa pangangalaga ng kapaligiran, kalusugan at pagsusulong ng mga karapang-pantao. Sila ang nagsisilbing boses at mata ng mga

mamamayan upang mabigyan ng aksyon ang kanilang mga pangangailangan.

Ang mga NGO ay mga pribadong samahan na may sariling pondo para sa kanilang mga proyekto at programang pangkabuhayan, pangkalusugan, pangkalinisan, pangangalaga ng kapaligiran at pang edukasyon at iba pang gawain na naglalayong mapabuti at mapaunlad ang lipunan.

b. People's Organization

Ang Grassroot Organization o People's Organizations (POs) ay uri ng mga organisasyong kabilang sa civil society ngunit kinabibilangan ng mga mamamayang direktang naapektuhan ng mga problema o krisis at may partikular na layunin at ipinaglalaman. Nahahanay dito ang mga sektoral na pangkat ng kababaihan, kabataan, magsasaka, mangingisda, at mga cause-oriented group.

Mga People's Organization at ang kanilang katungkulan:

- 1. Traditional Organizations (TANGOs)** - mga organisasyon na tumutulong sa mga mahihirap na pamilya at indibidwal sa pamamagitan ng kanilang pagkakawanggawa.
- 2. Funding Agency NGOs (FUDANGOs)** – mga organisasyon na naglalayong magbigay ng tulong pinansiyal sa mga gawaing pangkabuhayan.
- 3. Development, Justice, and Advocacy NGOs (DJANGOs)** - mga organisasyon na nagbibigay serbisyong legal at medikal sa mga komunidad.
- 4. Professional, Academic, and Civic Organizations (PACOs)** -mga organisasyon ng mga propesyonal at mga nasa edukasyonal na institusyon.
- 5. Government-run and Initiated Peoples' Organization (GRIPO)** - organisasyon na nabuo sa pamamagitan ng pamahalaan.
- 6. Genuine, Autonomous POs (GAPO)** - mga POs na itinayo mula sa inisyatibo ng mamamayan at hindi ng pamahalaan.

Napakahalaga na sumali sa mga gantiong mga samahan dahil dito natin napatutunayan na mayroong demokrasya sa ating bansa. Sa pamamagitan ng mga NGOs at POs nakatutulong ang mga mamamayan sa pagpapaunlad ng ating bansa at aktibo silang nakilalahok sa mga gawaing panlipunan na may malaking epekto sa kanilang mga pamumuhay. Sa pamamagitan ng mga ito, naging bukas ang isipan ng mga tao at natututuhan nilang irespeto ang mga paniniwala ng kanilang kapwa na isang napakahalagang salik ng isang demokrasya.

Sa pamamagitan ng mga NGOs at POs natutugunan ang mga suliranin at pangangailangan ng mga mamamayan na hindi minsan nabibigyang pansin at natutugunan ng pamahalaan. Sa pamamagitan din ng mga NGO, nagiging bukas ang isip ng mga tao sa mga adbokasiyang kanilang ipinaglalaman, dito nila nalalaman ang mga tunay na kalagayan ng lipunang kanilang kinabibilangan. Sa

pamamagitan din ng mga NGOs at POs, naipararating nila ang mga hinaing ng iba't ibang sektor na kanilang kinabibilangan. Nakapagmumungkahi sila ng iba't ibang programa na makapagpapabuti ng kalagayan ng mga mamamayan. Dito naiimpluwensiyahan ang mga opisyal ng pamahalaan na makabuo ng mga polisiya, mga proyekto, at programa na maaring makatulong sa mga sektor na tinutulungan ng NGOs at POs.

GAWAING PANSIBIKO

Bilang isang mamamayan, ano ang maaari mong gawin upang makatulong sa kaunlaran at kagalingan ng ating bansa? Maaring may mga nagsasabi na ito ay makakamit lamang sa pamamagitan ng pagkakaroon ng katungkulan sa pamahalaan, pero kahit ang isang ordinaryong mamamayang kagaya mo ay may napakahalagang tungkulin at malaking maiaambag sa ating pag-unald.

Tiyak na uunlad at masolusyonan ang mga problemang kinahaharap natin kung ang bawat mamamayan ay buong pusong makikiisa, makikipagtulungan, at makilalahok sa mga gawaing pansibiko. Ang gawaing pansibiko ay ang pakikilahok sa mga gawaing pangkaunlaran at naglalayon na malutas ang mga suliranin o isyu na dapat mabigyan ng pansin. Ang mga gawaing ito ay dapat nating tuparin nang may pagkukusa at buong katapatan. Ang mga gawaing pansibiko ay mga gawain na may kinalaman sa mga usapin tungkol kalikasan, kalusugan, edukasyon, kabuhayan, at pampublikong serbisyo. Sa pamamagitan ng mga gawaing pansibiko, naipakikita natin ang pagmamalasakit sa ating kapwa dahil tumutulong tayo sa kanila nang walang hinihintay na kapalit. Inaasahan na kapag ang mga mamamayan ay nakikilahok sa mga ganitong gawain ay matatamasa ang kagalingang pansibiko. Ang kagalingang pansibiko ay ang pinakamataas na kabutihang panlahat na maaring makamit ng mga tao dahil sa kusa nilang tinutugunan ang kanilang mga tungkulin kahit gaano man kalaki o kaliit ito. Kung ang bawat kasapi ng lipunan ay makikibahagi sa mga gawaing pansibiko, makakamit natin ang inaasam na pagbabago at tayo ay mamumuhay nang mapaya, maayos, marangal, at maunlad.

Mga Halimbawa ng Gawaing Pansibiko

1. Pagsali sa mga Organisasyong Pansibiko na may layuning makatulong sa pag-unlad ng pamayanan at ng bansa

Ang mga oganisasyong pansibiko ay mga samahan na pinangungunahan ng mga pribadong sektor at mga non-governmental organization. Sila ay nanglilingkod nang walang bayad at tumutulong sa iba't ibang panlipunang gawain. Ang kanilang gawain ay maaring may kinalaman sa pagsugpo sa katiwalian, pagsusulong ng mga program laban sa kahirapan at pangangalaga sa kapaligiran.

Mga Pribadong Samahan na tumutulong sa mga Mamamayan

a. Gawad Kalinga (GK)

Ang Gawad Kalinga ay may layunin na mabawasan ang mga bilang ng mahihirap na Pilipino. Naglalayong makatulong sa pamamagitan ng

pagpapatayo ng disienteng bahay para sa mga mahihirap na pamilya, at pagkakataon upang makapagtapos ng pag-aaral ang mga bata. Ninanais nito na makabuo ng isang komunidad na kung saan ang mga tao ay nagtutulungan, may pagmamalasakit, at nagbibigayan. Upang higit na lumawak ang kanilang matulungan, ang Gawad Kalinga ay nakikipag-ugnayan sa mga lokal at nasyonal na lebel ng pamahalaan. Ang Gawad Kalinga ay nag-aanyaya ng mga volunteers upang maging katuwang nila sa pagtulong sa mga komunidad.

b. Philippine Red Cross

Ang Philippine Red Cross ay may pangunahing tungkulin na mangalap at mamahagi ng dugong panagip buhay. Bukod sa pangangalap ng dugo, ang Philippine Red Cross din ay tumutulong tuwing may mga sakuna kagaya na lamang ng lindol, bagyo, baha, pandemya, at iba pa. Ito ay nakasentro sa pagbibigay ng serbisyo na may kinalaman sa kalusugan.

c. Philippine Animal Welfare Society

Ang Philippine Animal Welfare Society o PAWS ay isang organisasyon na may mga programang naghahangad mapangalagaan at mabigyan ng proteksiyon ang mga hayop. Nagbibigay ito ng saklolo sa mga hayop na nakararanas ng pagmamalupit at gawain na maaring makasakit sa mga ito. Maaring makatulong sa PAWS sa pamamagitan ng pag-aampon ng mga hayop na nasa kanilang shelter, maging volunteer, at magdonate upang matugunan ang mga pangangailangan ng kanilang samahan. Pursigido rin ang PAWS na mabigyan ng kaparuhasan ang sino mang lalabag sa mga karapatan ng hayop.

d. Bantay Bata

Ang Bantay Bata ay tumutulong sa mga batang nakararanas ng iba't ibang uri ng pang-aabuso. Layunin nito na mapagsilbihan at mabigyan ng proteksiyon ang mga batang walang kakayahan upang alagaan ang kanilang sarili. Tinutulungan din ng Bantay Bata ang mga batang may sakit sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga medical assistance. Sila ay nagsasagawa ng mga feeding at nagbibigay ng scholarship program upang makapag-aral ang mga bata nang maayos at matupad ang kanilang mga pangarap.

Narito ang ilan sa mga maari mong gawin upang makapagbigay lingkod sa kapwa:

- a. Magboluntaryo sa mga day-care center bilang assistant at tumulong sa mga gawain doon.
- b. Magbigay ng libreng tutorial sa mga bata at turuan silang magbasa, magsulat, magbilang, at magagandang asal.
- c. Pagsasagawa ng mga feeding program para sa mga batang kulang sa nutrisyon.

- d. Paghikayat sa mga kapitbahay na dumalo sa mga libreng seminar na may kinalaman sa mga programang pangkabuhayan.
- e. Maaring ibalita sa mga kapitbahay kung may mga organisasyon na magsasagawa ng mga medical mission sa inyong lugar. Maaari ring ibahagi ang libreng assistance sa mga organisasyon o sa mga namumuno sa mga gawaing ito.
- f. Makibahagi sa mga clean and green activities ng iyong komunidad.

2. Pagpaparating sa mga awtoridad ng mga kinakailangang gawin

Bilang isang mamamayan tungkulin mong malaman at makialam sa mga nangyayari sa paligid mo. Kung may nakita kang mali o hindi dapat, kinakailangan mo itong ipaalam sa mga may kapangyarihan o mga organisasyon na may kinalaman dito upang mabigyan ito ng agad nang aksyon. Kapag may mga taong nakararanas ng pang-aabuso, tungkulin mo silang tulungan. Kapag may mga hinaing maaari rin sa sumulat o makipag-usap sa mga pinuno ng pamahalaan upang ito ay matugunan nila.

3. Pagtulong na umangat ang ating kapwa Pilipino

Isa ang kahirapan sa mga problema na kinakaharap ng maraming Pilipino. Upang maiangat ang kalagayan ng ating kapwa Pilipino maaari tayong tumulong o magkawanggawa. Maari tayong magbigay ng mga donasyon o mangalap ng pondo at ibigay sa mga nangangailangan upang matugunan nila ang kanilang pang-araw-araw na pangangailangan lalong lalo na sa mga panahon ng sakuna o kalamidad.

4. Pangangalaga sa mga likas na yaman at mga pampublikong pasilidad

Ang ating bansa ay binayayaan ng maraming mga likas na yaman. Ang mga likas na yaman na ito ay ginagamit natin upang matugunan ang ating mga pangangailangan kaya nararapat lamang na pangalagaan at linangin ang mga ito hindi lamang para sa ating mga sarili kundi pati na rin sa susunod na henerasyon. Bukod sa mga likas na yaman, kinakailangan din nating pangalagaan ang mga impraestruktura at pampublikong lugar na ipinatayo ng ating pamahalaan. Kung may nakita kang mali o hindi dapat, kinakailangan mo itong ipaalam sa mga may kapangyarihan o mga organisasyon na may kinalaman dito upang mabigyan ito agad nang aksyon. Kapag may mga taong nakararanas ng pang-aabuso, tungkulin mo silang tulungan. Kapag may mga hinaing maaari rin na sumulat o makipag-usap sa mga pinuno ng pamahalaan upang ito ay matugunan nila. Ang mga ito ay napakahalaga, pero sa tuwing nagkakaroon ng sakuna, may mga napipinsala at ito ay ay nagiging balakid sa ating pag-unlad. Bukod sa mga sakuna na nakapipinsala sa mga pampublikong pasilidad, nasisira rin ito dahil sa kapabayaang at maling paggamit ng mga tao. Kinakailangan na pangalagaan natin ang mga ito upang umunlad ang ating bansa.

Iwasan natin ang mga gawaing nakasisira sa ating kapaligiran. Malaki ang naitutulong ang mga simpleng bagay gaya ng pagtatapon ng ating basura sa mga tamang lalagyan, pag-iwas sa paggamit ng mga nakalalasang kemikal sa mga halaman, hayop, at tao. Ang pagreresaykel ay malaking bagay ang magagawa upang mapangalagaan ang ating kapaligiran. Maaari ring sumali sa mga programa gaya ng

Clean and Green at Brigada Eskwela na isinasagawa bago magsimula ang pasukan kung saan maari tayong tumulong sa mga paaralan na ihanda at magkumpuni ng mga dapat isaayos sa paaralan. Nakatutulong tayo kapag sumali tayo rito dahil napapangalagaan natin ang mga paaralan na napakahalaga para matuto ang mga mag-aaral.

5. Pagtangkilik at pagsuporta sa mga produktong Pilipino

Isa sa mga paraan upang makatulong tayo sa pag-angat ng ating bansa ay ang pagtangkilik sa mga produkto na gawa ng ating kapwa Pilipino. Ang pagtangkilik ng mga produkto natin ay pagpapakita rin ng pagmamahal natin sa ating bansa. Sa pamamagitan ng pagbili natin sa mga produktong gawang Pilipino, natutulungan nating umunlad ang mga maliliit na industriya upang patuloy na makapagbigay ng trabaho sa mga maraming Pilipino. Daan ito ng pag-ahon sa kahirapan at ikabubuti ng pamumuhay ng maraming mga Pilipino.

Marami tayong mga produkto na maituturing na sariling atin, kagaya na lamang ng niyog sa Bicol at Laguna, asukal sa Iloilo, Negros, at Tarlac, bigas sa Gitnang Luzon, dried mangoes ng Cebu, saging sa Davao at Cotabato, pinya sa Bukidnon, abaka sa Bicol, tabako sa Cagayan, Ilocos, at Pangasinan, perlas sa Sulu, at marami pang iba.

(Ang mga Halimbawa ng Gawaing Pansibiko ay hango sa Kayamanan: Mga Kontemporaryong Isyu nina Antonio, Eleanor D. et al, pp. 315-320)

Mga Epekto ng Pakikilahok ng Mamamayan sa mga Gawaing Pansibiko

Kung nakikilahok ang mga mamamayan sa iba't ibang pansibikong gawain mas madaling nabibigyan ng mga solusyon ang mga suliraning panlipunan. Ito rin ang nagpapatibay sa ating pagkakaisa na maaring maging daan sa ating inaasam na pag-unlad.

1. Nabibigyan ng panandalian at pangmatagalang solusyon ang iba't ibang suliranin sa lipunan

Hindi lingid sa ating kaalaman na may mga suliranin na kinahaharap ang ating bansa. Ilan sa mga ito ay ang kahirapan, malnutrisyon, kawalan ng mapapasukang trabaho, epekto ng mga kalamidad, at marami pang iba. Dahil may pagkukusang loob ang mga mamamayan na tumugon sa mga ganitong suliranin, mas mabilis ang pag-aabot ng tulong. Naipakikita natin dito na hindi lamang tayo umaasa sa ating pamahalaan, kundi ginagawa natin ang makakaya natin para makatulong sa ating mga munting paraan.

Ngayong mayroong pandemya na kinahaharap ng buong mundo, ang paglaganap ng COVID-19, maraming mga negosyo at kompanya maliit man o malaki ang napilitan munang magsara dahil sa pagsasagawa ng community quarantine kung saan ang ilan ay kinakailangan munang mamalagi sa kanilang mga tahanan upang maiwasan ang pagkalat ng virus. Dahil dito, maraming mga manggagawa ang pansamantala munang huminto sa kanilang mga trabaho na nagresulta rin ng pagkawala ng kanilang kita. Naging

napakalaki ng epekto ng pandemya lalong lalo na sa mga mahihirap. Nahirapan silang tugunan ang kanilang mga pang-araw araw na pangangailangan lalo na sa pagkain. Bagamat may mga tulong na nanggagaling sa gobyerno, hindi ito sapat, at marami rin sa ating kapwa ang hindi nabibigyan ng ayuda ng pamahalaan. Sa panahon ng pandemya maraming mga taong may mabubuting puso at tumulong sa ating mga kababayan. Marami ang nagbibigay ng kanilang tulong, nagpakita ng pagmamalasakit at pagmamahal sa kapwa. Ang mga kilalang tao hanggang sa mga ordinaryong mamamayan ay nagpaabot ng kanilang mga tulong. Ang ganitong gawain ay isang halimbawa ng isang sibikong gawain na kung saan ang kanilang ginagawa sa panahon ng pandemya ay nakapagbibigay ng taos pusong pagtulong nang walang hinihintay na kapalit.


Sa pamamagitan din ng mga gawaing pansibiko kagaya ng programang pangkabuhayan at literasi, nabibigyan ng pagkakataon ang mga tao na maiangat ang kanilang pamumuhay. Ang mga gawaing ito ay nagbibigay ng panghabambuhay na resulta o epekto sa buhay ng mga tao.

2. Maayos na pamayanan at bansa

Kung nakikilahok tayo sa mga gawaing pansibiko, nakatutulong tayo upang maging maayos at matiwasay ang ating pamayanan at bansa. Naipakikita natin ang pagkakaroon ng disiplina dahil mas gugugulin ng mga tao ang kanilang mga oras sa mga bagay na makapagpapabuti hindi lamang para sa kanila kundi pati na rin sa iba. Naiiwasan ang mga hindi magagandang gawain kagaya ng paglaganap ng mga krimen at ang mga kaguluhan.

3. Napapaunlad natin ang ating bansa

Kapag ang mga tao ay nakikilahok sa mga gawain, inaasahan na tayo ay uunlad bilang isang bansa. Sa pakikilahok natin sa mga gawaing pansibiko, nagagamit natin ang ating mga kakayahan na matugunan ang iba't ibang mga isyu na kinakaharap natin. Tinutulungan natin ang ating kapwa na maiangat ang kanilang pamumuhay. Nagsisikap tayo na mabigyan ng solusyon ang kanilang mga pangangailangan. Dito natin naipakikita ang pagkakaroon natin nang mabuting ugnayan at pagkakaisa bilang mga mamamayan.



Pagyamanin

A. Panuto: Isulat sa patlang ang tinutukoy ng sumusunod. Gumamit ng sariling sagutang papel.

- _____ 1. Ito ay galing sa salitang Griyego na “*polis*” na nangangahulugang mga gawain sa isang lungsod estado.
- _____ 2. Batas ang ipinatupad noong 1995 kung saan pinahintulutan na makilahok ang mga organisadong grupo sa pambansang politika.
- _____ 3. Isang pormal na proseso ng pagpili ng mga mamamayan ng mga opisyal na sa tingin nila ay may kakayahan na mamuno at mapagkakatiwalaan nila.
- _____ 4. Ang mga non-profit na grupong mga lokal na boluntaryong mamamayan, pambansa o pandaigdig na nagbibigay ng libreng serbisyo sa mga mamamayan.
- _____ 5. Mga sektor na hindi gaanong binibigyan ng pansin o ang mga marginalized na sektor kaya kinakailangan nila ng kakatawan sa kanila sa Kongreso nang sa gayon ang mga hinaing nila ay madinig at mabigyan ng aksyon.
- _____ 6. Mga samahang pampolitikang nagnanais na mapanatili ang kanilang kapangyarihan sa pamahalaan.
- _____ 7. Ito ay isang sitwasyon kung saan taglay ng mga mamamayan ang kamalayan na may pananagutan sila sa kanilang kapwa.
- _____ 8. Proseso na kung saan ang mga mamamayan ay nabibigyan ng pagkakataon upang magmungkahi ng batas.
- _____ 9. Ito ay mga pagkilos at paglilingkod sa iba na kusang inihahandog ng isang indibidwal.

B. Panuto: Lagyan ng tsek (✓) kung ang mga pahayag ay paraan ng pakikilahok sa pamahalaan ayon sa Saligang Batas at ekis (x) kung hindi. Isulat ang sagot sa sariling sagutang papel.

- _____ 1. Pagbibigay ng donasyon sa mga inabandonang mga anak.
- _____ 2. Malayang pamamahayag.
- _____ 3. Pagsali sa mga partidong politikal.
- _____ 4. Pagtulong sa mahihirap.
- _____ 5. Pagboto sa eleksiyon.
- _____ 6. Pagsali sa mga samahan o asosasyon.
- _____ 7. Pagibigay ng regalo para mas mapadali ang proseso.
- _____ 8. Pagsuporta sa mga partidong politikal.
- _____ 9. Pakikidalo sa mga asembleya.
- _____ 10. Pag-aanunsiyo nang hindi pagsang-ayon o pagsang-ayon sa pinuno ng pamahalaan.

C. Panuto: Gamit ang sariling sagutang papel, tukuyin kung ang sumusunod ay gawaing **Pampolitikal** o **Pansibiko**. Isulat sa patlang ang sagot bago ang bawat bilang. Gumamit ng sagutang papel.


- _____ 1. Pagsali at pagsuporta sa mga organisasyong pampolitika.
- _____ 2. Malayang pamamahayag.
- _____ 3. Pagpaparating sa kinauukulan ng kinakailangang gawin.
- _____ 4. Pag-angat sa kalagayang pang-edukasyon ng ating kapwa Pilipino.
- _____ 5. Pagboto sa halalan.
- _____ 6. Pagkakaroon ng mga samahang politikal.
- _____ 7. Pangtangkilik at pag-angat ng produktong Pilipino.
- _____ 8. Pagdaos ng mga rali.
- _____ 9. Pangangalaga sa mga pampublikong pasilidad.
- _____ 10. Pagboto sa Party-List.



Isaisip

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na mga kaisipan. Ilagay ang sagot sa sagutang papel.

1. Ang politikal na Pakikilahok ay _____ samantalang ang Pansibikong Pakikilahok naman ay _____.
2. Ang iba't ibang uri ng pagboto ay _____.
3. May pagkakaiba ang Partido Politikal at Party list dahil _____.
4. Mahalaga na makilahok sa mga Gawaing Poltikal at Pansibiko dahil _____.
5. Hihikayatin ko ang mga kapwa ko mag-aaral na makilahok sa mga ganitong gawain sa pamamagitan ng _____.




Isagawa

Gawain 1. Mga Pagkakatulad at Pagkakaiba!

Panuto: Sa pamamagitan ng Venn diagram talakayin ang pagkakatulad at pagkakaiba ng mga gawaing politikal at gawaing pansibiko. Gawin ito sa hiwalay na papel.

- A. Gawaing Politikal
- B. Gawaing Pansibiko
- C. Pagkakatulad ng dalawang Gawain



Gawain 2. Tukuyin mo ang kinabibilangan ko!

Panuto: Tukuyin kung ang sumusunod ay halimbawa ng Politikal na Partido o Party List. Isulat ang **PP** kung ito ay Politikal na Partido at **PL** kung ito naman ay Party List. Isulat ang sagot sa sariling sagutang papel.

- _____ 1. Nacionalista Party (NP)
- _____ 2. Laban ng Demokratikong Pilipino (LDP)
- _____ 3. Bayan Muna
- _____ 4. United National Alliance (UNA)
- _____ 5. Partido Demokratiko Pilipino-Lakas ng Bayan (PDP-Laban)
- _____ 6. Citizens' Battle against Corruption (CIBAC)
- _____ 7. Ako Bicol
- _____ 8. Teachers' Dignity Coalition (TDC)
- _____ 9. Partido Liberal (LP)
- _____ 10. Ang Probinsyano

Gawain 3. Pag-isipan mo!

C. Panuto: Tukuyin kung ang sumusunod ay nagbibigay ng panandalian o pangmatagalang solusyon sa iba't ibang pansibikong gawain. Isulat ang konseptong **panandalian** o **pangmatagalan** base sa ipinapaliwanag ng pahayag sa bawat bilang. Gumamit ng sariling sagutang papel.

- _____ 1. Nagbigay ng mga relief goods si Ron sa mga nasalanta ng bagyo.

- _____ 2. Tinuturuan ni Ayesha ang mga kaklase niya sa asignaturang Matematika.
- _____ 3. Pinapakain ng guro ang mga estudyante niyang walang pambili ng pagkain.
- _____ 4. Bumibisita si Rozbel sa bahay ampunan para mag-alaga ng mga bata.
- _____ 5. Pakikiisa sa mga programang pangliterasi.
- _____ 6. Pagboboluntaryo bilang assistant sa Day-Care Center.
- _____ 7. Pagpulot ng mga makikita mong kalat sa inyong lugar.
- _____ 8. Pagbabahagi ng libreng assistance sa mga namumuno ng mga programang pangkalusugan.
- _____ 9. Pangangalap ng pondo para sa libreng pagpapakain sa mga bata sa inyong lugar.
- _____ 10. Pagsasagawa ng libreng seminar na pangkabuhayan at pagsasanay sa inyong lugar.

Gawain 4 Halina't Makilahok sa Pagbabago!

Panuto: Gumawa ng poster islogan na hihikayat makilahok ang kabataang tulad mo sa iba't ibang gawaing pampolitika at pansibiko. Gumamit ng *long size bondpaper* sa paggawa ng poster islogan.

Gawain 5. Bawat Letra Mahalaga!

Panuto: Bumuo ng akrostik mula sa mga titik ng **salitang "GAWAING PANSIBIKO"**. Kalooban ito ng mensaheng pagkakaisa ng mga mamamayan para sa ikauunlad at ikabubuti ng ating bansa. Gawin ito sa hiwalay na papel.

- G** - _____
- A** - _____
- W** - _____
- A** - _____
- I** - _____
- N** - _____
- G** - _____
- P** - _____
- A** - _____
- N** - _____
- S** - _____
- I** - _____
- B** - _____
- I** - _____
- K** - _____
- O** - _____

Gawain 6. Hagdan tungo sa Pagbabago!

Panuto: Punan ang ladder web. Magbigay ng limang kahalagahan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa mga politikal at sibikong gawain. Gawin ito sa hiwalay na sagutang papel.

Kahalagahan ng pakikilahok sa mga politikal at sibikong gawain

Blank ladder web boxes for writing the five importance of citizen participation in political and civic activities.



Binabati kita dahil natapos mo na ang modyul na ito. Ngayon upang malaman na natin ang iyong mga natutuhan, sagutin mo ang pangwakas na pagsusulit. Ito ang magsisilbing batayan ng iyong pagkatuto sa aralin ng modyul na ito.



Tayahin

Gawain 7. Pangwakas na Pagtataya


Panuto: Basahing mabuti at suriin ang mga tanong sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa iyong sariling sagutang papel.

- _____ 1. Isa sa pinakamahalagang tungkulin ng mga mamamayan kung saan sila ay nabibigyan ng pagkakataon na pumili ng kanilang mga pinuno.
- A. pagbabayad ng buwis
 - B. pagboto
 - C. pagkamamamayan
 - D. malayang pamamahayag
- _____ 2. Isang uri ng pagboto ng mga mamamayan kung saan sila ay nagmumungkahi ng mga batas.
- A. Plebesito
 - B. Referendum
 - C. Initiative
 - D. Eleksyon
- _____ 3. Ang pakikilahok ng mga mamamayan sa mga politikal na gawain sa pamamagitan ng pagpaparating ng kanilang mga ninanais sa napili nilang mga kinatawan.
- A. Di-Tuwirang Pakikilahok
 - B. Tuwirang Pakikilahok
 - C. Primaryang Pakikilahok
 - D. Sekondaryong Pakikilahok
- _____ 4. Alin sa mga sumusunod ang hindi maaaring bumoto?
- A. Residente ng Pilipinas sa loob ng isang taon.
 - B. May edad na labing walong taong gulang sa araw ng eleksyon.
 - C. Mga taong wala sa tamang katinuan ng pag-iisip.
 - D. Residente sa lugar ng pinili niyang bumoto sa loob ng anim na buwan sa petsang itinakda ng pagdaraos ng eleksyon.
- _____ 5. Tumutukoy sa paraan ng pakikialam at pakikibahagi sa mga gawain na ang layunin ay mapabuti ang pamamalakad ng pamahalaan at ang kapakanan ng mga mamamayan na naninirahan dito.
- A. Politikal na Pakikilahok
 - B. Sibikong Pakikilahok
 - C. Pakikilahok sa mga Partido Politikal
 - D. Pakikilahok sa Organisasyong Panlipunan

- _____ 6. Mga gawain na nagpapakita ng pagmamalasakit sa kapwa sa Pamamagitan ng kusang loob na pagtulong na walang hinihintay na kapalit.
- A. Gawaing Pansbiko
 - B. Bayanihan
 - C. Gawaing Politikal
 - D. Pagkakawanggawa
- _____ 7. Alin sa sumusunod ang **hindi** katangian ng Partido Politikal?
- A. Ninanais nila na makuha ang kontrol ng kapangyarihan sa pamahalaan.
 - B. May mga sumusuporta itong miyembro.
 - C. Mayroon silang mga nagkakaisang mga ideyolohiya sa pagpapatakbo ng pamahalaan.
 - D. Kumakatawan sila sa iba't ibang sektor ng ating lipunan.
- _____ 8. Alin sa mga nabanggit ang halimbawa ng Partido Politikal?
- A. Bayan Muna
 - B. Gabriela
 - C. Kabataan
 - D. Laban ng Demokratikong Pilipino
- _____ 9. Alin sa sumusunod ang halimbawa ng Pansektor na Kinatawan o Party List?
- A. Liberal Party
 - B. Puwersa ng Masang Pilipino
 - C. Bayan Muna
 - D. Nacionalista Party
- _____ 10. Bakit kinakailangang bumoto ang mga mamamayan tuwing eleksyon?
- A. Dahil ito ay isa sa kanilang tungkulin bilang mamamayan ng bansang Pilipinas.
 - B. Dahil ito ay nagpapatunay ng kanilang pagiging mamamayan ng bansang Pilipinas.
 - C. Kinakailangang bumoto upang makasigurado na tayo ay mabibigyan ng tulong tuwing may mga sakuna o kalamidad.
 - D. Kinakailangang bumoto upang mapili natin ang mga taong karapat dapat na mamuno sa ating bansa.
- _____ 11. Isa ang media sa may pinakamahalagang gampanin sa pampublikong pamamahala. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng hindi nila pagganap sa tungkulin?
- A. Maghatid ng mga pangyayari o kaganapang pawang katotohanan lamang.
 - B. Sila ay nagsisilbing tagabantay sa mga gawain ng pamahalaan.
 - C. Pagbibigay ng pagkakataon sa mga kasapi ng lipunan na ipahayag ang kanilang mga saloobin.
 - D. Piliin ang mga ibabalita sa taong bayan dahil may mga ilang isyu na kunpidensyal lamang.

- _____ 12. Bakit kinakailangang magkaroon ng Pansektor na Kinatawan o Party List?
- Kinakailangan ito upang sanayin ang mga baguhan na lider sa larangan ng politika.
 - Kinakailangan ito upang magkaroon ng boses ang iba't ibang sektor ng lipunan.
 - Kinakailangan ito upang mahikayat ang mga mamamayan sa proseso ng halalan.
 - Kinakailangan ito upang matiyak na hindi kontrolado ng iisang partido ang pamahalaan.
- _____ 13. Ang mga non-governmental organization at people's organization ay may malaking naitutulong sa pamahalaan?
- HINDI, dahil ang mga serbisyo na ipinagkakaloob ng mga ito ay hindi para sa lahat ng mga mamamayan.
 - HINDI, dahil hindi naman nito natutugunan ang mga suliranin na napapabayaang ng pamahalaan.
 - OO, dahil sa pamamagitan ng mga non-governmental organization at people's organization ay nagkakaroon ng karagdagang kita ang pamahalaan.
 - OO, dahil kaakibat ang mga NGO at PO ng pamahalaan sa pagbuo at paggawa ng iba' ibang programa na makapagpapaunlad sa ating bansa.
- _____ 14. Bakit mahalaga para sa isang mamamayan na makilahok sa mga pansibikong gawain?
- Dahil kung tayo ay tumulong sa ating kapwa, asahan natin na babalik din sa atin ito kapag tayo naman ang mangangailangan.
 - Dahil kapag tayo ay nakilahok sa mga pansibikong gawain natutulungan natin ang kapwa nating mamamayan na maiangat ang kanilang pamumuhay.
 - Dahil ang pakikilahok sa mga gawaing pansibiko ay ang basehan para ikaw ay masabing mabuting mamamayan.
 - Dahil maaring mabawasan ang mga suliraning kinakailangang bigyan ng solusyon ng ating pamahalaan.
- _____ 15. Ang pagsuporta sa mga lokal na industriya ay isang halimbawa ng gawaing pansibiko sapagkat _____?
- Mas makakamura tayo kapag bibili tayo ng mga produktong gawa ng ating mga kababayan.
 - Nakatutulong ito sa pag-angat ng ating ekonomiya at nakapagbibigay ito ng trabaho sa maraming Pilipino.
 - Natutulungan natin ang ating kapwa Pilipino na mas makilala pa ang kanilang mga produkto upang mas marami pang tao ang tumangkilik nito.
 - Naipakikita natin ang pagiging makabayan sa pamamagitan ng pagsuporta sa mga lokal na industriya.

- _____ 16. Ang sumusunod ay epekto ng pakikilahok sa mga gawaing pansibiko sa ating lipunan maliban sa isa.
- A. Mas hinahangad ng mga mamamayan na maging mas mapabuti ang kanilang pamumuhay kaysa sa iba.
 - B. Naisasatupad ang mga programang naglalayong paunlarin ang pamumuhay ng mga mamamayan.
 - C. Nagiging maayos at tahimik ang ating pamayanan at bansa.
 - D. Nagkakaroon ng mabuting ugnayan sa bawat isa ang mga mamamayan.
- _____ 17. Ano ang dahilan kung bakit mahalaga na makilahok ang mga mamamayan sa mga gawaing politikal?
- A. Maiiwasan ang mga kaguluhan at krimen sa ating bansa.
 - B. Makakamit natin ang hinahangad nating maayos at matapat na pamahalaan.
 - C. Mabibigyan ng pagkakataon ang mga ibang tao upang sila ay makapagbigay rin ng puna sa kinauukulan.
 - D. Nabibigyan ng pagkakataon na magkaroon ng kakatawan sa iba't ibang sektor ng ating lipunan.
- _____ 18. Ang sumusunod ay halimbawa ng gawaing pansibiko maliban sa isa.
- A. Pagpapakain sa mga batang lansangan.
 - B. Paglalaan ng oras sa bahay ampunan.
 - C. Pagtitinda upang kumita.
 - D. Pamimigay ng mga relief goods sa mga kapuspalad.
- _____ 19. Ang sumusunod ay nagpapakita ng aktibong pakikilahok ng mamamayan sa gawaing politikal maliban sa isa.
- A. Si Nathan na isang mamahayag ng isang broadcasting network at nagsisikap na maging balanse sa kanyang pagbabalita.
 - B. Pinag-iisipang mabuti ni Seri kung anong partidong politikal ang kanyang lalahukan batay sa kanyang mga layunin, ideolohiya, at prinsipyo.
 - C. Dumadalo si Robin sa mga pagpupulong sa kanilang barangay upang magmungkahi ng mga ordinansa o batas sa kanilang lugar.
 - D. Nagboboluntaryo si Jam na magturo sa mga bata sa kanilang Day-Care Center.
- _____ 20. Alin sa sumusunod ang nagpapakita ng pagnanais na maabot ang kagalingang pansibiko?
- A. Hinihikayat ni Ailene ang mga kabataan sa kanilang lugar na magrehistro upang sila ay makaboto sa susunod na eleksyon.
 - B. Iniulat ng punong-barangay sa kanyang mga nasasakupan kung saan napupunta ang pondo ng kanilang barangay tuwing may pagpupulong na nagaganap.
 - C. Ginugugol ni Gabrielle ang kanyang libreng oras sa pagsasagawa ng libreng seminar na pangkabuhayan at pagsasanay upang magkaroon ng pagkakakitaan ang mga taong walang trabaho sa kanilang komunidad.
 - D. Sumasali si Max sa mga programang nangangalaga sa kapaligiran kagaya ng mga Clean and Green Program.



Karagdagang Gawain

Gawain 8. Getting to Know You Tsart!

Panuto: Magsaliksik tungkol sa mga nakalistang huwaring mamamayan sa Pilipinas na nakatulong sa pag-unlad at nagpabuti ang mga kapanakanan ng mga tao sa komunidad. Gamit ang sariling sagutang papel, gayahin ang format na ibinigay. Sagutin din ang mga pamprosesong tanong. Gawin ito sa hiwalay na papel.


Huwarang mamamayan na nakatulong sa pagpapabuti ng kapakanan ng mga tao sa komunidad	Mga naitulong sa komunidad
1. Dr. Fe del Mundo	
2. Efren Peñaflorida Jr.	
3. Carlos “Kez” Valdez	
4. Fe Matulano-Lustanas	
5. Angel Locsin	

Pamprosesong Tanong:

1. Paano nakatulong ang mga kilalang indibidwal na nabanggit?

2. Ano ang epekto ng mga nagawa nila para sa kanilang komunidad?

3. Bukod sa mga nabanggit, sino pa sa inyong lugar ang maituturing na huwarang mamamayan? Paano sila nakatulong sa inyong lugar?



Susi sa Pagwawasto

<p>Subukin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Tama 2. Tama 3. Mali 4. Mali 5. Tama 6. Tama 7. Tama 8. Mali 9. Tama 10. Tama 11. Tama 12. Mali 13. Tama 14. Tama 15. Tama <p>Tuklasin</p> <p>Maaring magkakaiba ang sagot ng mga mag-aaral.</p> <p>Ang guro ang bahalang magpasya at magbigay ng punto</p>	<p>Pagyaamanin</p> <p>A.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Politika 2. Party List System 3. Eleksiyon 4. NGO 5. Party List 6. Political party 7. Recall 8. Kaglalingang Pansibiko 9. Initiative 10. Gawing Pansibiko <p>B.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. X 2. / 3. / 4. X 5. / 6. / 7. X 8. / 9. / 10. / 	<p>Pagyaamanin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Pampolitikal 2. Pampolitikal 3. Pansibiko 4. Pansibiko 5. Pampolitikal 6. Pampolitikal 7. Pangsi-biko 8. Pampolitikal 9. Pansibiko 10. Pampolitikal <p>Isagawa</p> <p>Gawain 1.</p> <p>Ipatsek as gulong tagapamahala ang iyong ginawa na Venn diagram tungkol sa Gawing Pampolitikal at Pansibiko.</p>
-----------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

<p style="text-align: center;">Isagawa Gawain 2.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. PP 2. PP 3. PL 4. PP 5. PP 6. PL 7. PL 8. PP 9. PP 10. PL <p style="text-align: center;">Isagawa Gawain 3.</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. Panandalian 2. Panandalian 3. Panandalian 4. Panandalian 5. Pangmatagalan 6. Panandalian 7. Panandalian 8. Panandalian 9. Panandalian 10. Pangmatagalan 	<p style="text-align: center;">Isagawa Gawain 4.</p> <p>Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong poster-slogan. Rubric sa gawain:</p> <p>Nilalaman - 30%</p> <p>Kalinawan - 20%</p> <p>Panghihikayat - 30%</p> <p>Pagkamalikhain - 20%</p> <p style="text-align: center;">Kabuuan 100%</p> <p style="text-align: center;">Isagawa Gawain 5.</p> <p>Ipatsek sa gurong tagapamahala ang binuong akrostik Rubric sa gawain:</p> <p>Nilalaman - 40%</p> <p>Kaayusan ng paglalahad - 20%</p> <p>Kaangkuhan - 20%</p> <p>Pagkamalikhain - 20%</p> <p style="text-align: center;">Kabuuan 100%</p> <p>Ipatsek sa gurong tagapamahala ang iyong ladder map.</p>	<p style="text-align: center;">Tayahin</p> <ol style="list-style-type: none"> 1. B 2. C 3. A 4. C 5. A 6. A 7. D 8. D 9. C 10. D 11. D 12. B 13. D 14. B 15. C 16. A 17. B 18. C 19. D 20. C <p style="text-align: center;">Karagdagang Gawain</p> <p>Maaring magkakatiba ang sagot ng mga mag-aaral.</p> <p>Ang guro ang bahalang magpasya at magbigay ng punto</p>
---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	---------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------	------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------

Sanggunian

A. Mga Aklat

Department of Education. *Araling Panlipunan 10 Materyal Pansanay, Learners Module*. 2017.

Arellano V. Busto. 2019. *Constitution of the Republic of the Philippines*. Sampaloc Manila.

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph